



U.S. Department of Justice [Kagawaran ng Katarungan] Community Relations Service [Paglilingkod para sa Ugnayan sa Komunidad]

Binibigyan-kapangyarihan ang mga Komunidad sa Campus

Upang Magtulungan na Kilalanin ang mga Usapin at Tukuyin ang mga Pagtatalo

Tinutulungan ng U.S. Department of Justice Community Relations Service [Paglilingkod para sa Ugnayan sa Komunidad] (CRS) ang mga namumuno sa campus na tukuyin ang mga usaping may- epekto sa kanilang komunidad sa pamamagitan ng kanilang programang Campus-Site Problem Identification and Resolution of Issues Together (Campus-SPIRIT) [sama-samang pagkilala at paglutas ng mga usapin sa campus]. Tinutulungan ng programa ang mga komunidad sa campus na tukuyin ang pagkabahala at pagtatalo kaugnay sa mga usaping lahi, kulay, pinanggalingang bansa, kasarian, kinikilalang kasarian, pagkiling sa kasarian, pananampalataya, o kapansanan.

Hinahatid ng CRS, kasama ng mga sanay na boluntaryong tagpagpadali, ang Campus-SPIRIT program sa isang buong araw o dalawang kalahating araw, upang tulungan ang mga magkakaibang namumunong mag-aaral, tagapangasiwa sa campus. guro, tauhan, tagatupad ng batas sa kampus, at mga taga-labas na namumuno sa komunidad, na kilalanin ang mga usaping nakakaapekto sa kanilang komunidad at magbuo ng mga kalutasan upang tukuyin ang mga usaping iyon. Ang paraang paglutas ng problema ng SPIRITay tumutulong na pahusayin ang pagtiwala, pakikipag-usap, at pag-iintindi.

Bakit dapat pag-isipan ng mga kolehiyo at unibersidad ang Campus-SPIRIT?

Pinagsasama-sama ang kakaibang grupo ng mga namumuno sa komunidad upang kilalanin at tukuyin ang mga kailangang-kailangang usapin na nakakaapekto sa mga komunidad ng kampus.

Pinabubuti ang pakikipag-usap at pagtutulongan sa mga kakaibang namumunong nag-aaral, tagapangasiwa, tagapatupad ng batas sa kampus, at ibang pinakamahalagang may-kapakanan.

Tinutulungan ang mga komunidad ng kampus na tukuyin ang mga problema sa pamamagitan ng pagbuo ng mga kalutasan at pagpatupad ng mga pagkilos na magdadagdag sa kakayahang lutasin ang mga pagtatalo sa hinaharap.

Kabilang sa mga programa at paglilingkod ng CRS ▼



Pagkilala ng Usapin. Ang mga may-kapakanan sa kampus ay nagsasagawa sa mga maliliit na grupo upang kilalanin ang mga usaping nakakaapekto sa kanilang komunidad, kabilang kung ano ang mahusay na nangyayari at ano ang dapat baguhin. Pagkatapos, inuulat ng mga maliliit na grupo na ito ang kanilang mga nahanap sa mas malaking grupo.

Pag-una-unahin ang Usapin. Sa mga usaping kinilala ng mga maliliit na grupo, kinikilala at inuuna-una ng mga may-kapakanan ang mga pag-aalala na pinakamahalaga na tukuyin sa kanilang komunidad.

Pagbubuo ng mga Kalutasan. Ang mga may-kapakanan ay tinatalaga nang muli sa mga bagong maliliit na grupo upang magbuo ng mga kalutasan sa mga inunang nakilalang usapin. Tinatalakay nila ang mga maaaring epekto at kalalabasan ng bawat

maaaring kalutasanat mag-uulat ng kanilang natipon sa mas malaking grupo.

Lupon ng Campus-SPIRIT. Pipiliin at ihihirang ng mga kasali ang mga kasapi sa isang lupon ng SPIRIT. Ang lupon ay isang pirmihang grupo na binubuo ng mga namumuno sa komunidad ng kampus na nagsasagawa upang tuparin ang mga kalutasan na nabuo sa programa ng Campus-SPIRIT.

Pag-ulat at Pagtipon ng Campus-SPIRIT. Ipagsasama ng CRS ang impormasyonna natipon sa programang Campus-SPIRIT sa pagbuo ng ulat. Ititipon ng CRS ang lupon ng SPIRIT at mga namumuno sa kampus upang repasuhin ang ulat at magpatupad ng mga tiyak na hakbang na pagkilos para sa mga kalutasang binuo sa programa.

Ukol sa CRS ▼

Tinatag ng Title X ng Civil Rights Act [Batas ng mga Karapatang Civil] ng 1964 at pinalawak ng Matthew Shepard and James Byrd, Jr., Hate Crimes Prevention Act [Batas Pampigil ng mga Krimen ng Kasuklaman] ng 2009, naglilingkod ang CRS bilang “Tagapamayapa ng America” para sa mga komunidad na may hinaharap na pagkabahala o pagtatalo batay sa mga pagkakaiba ng lahi, kulay, pinanggalingang bansa, kasarian, kinikilalang kasarian, pagkiling sa kasarian, pananampalataya, at kapansanan. Naghahangad ang mga paglingkod ng CRS na dagdagan ang kakayahan ng mga lokal na komunidad, nang nagsasarili at nagtutulugan, na pigilin at lutasin ang mga pagtatalo sa hiniharap sa pamamagitan ng paggamit ng panlutas ng problema, nadagdagan na kaalaman, at napahusay na pakikipag-usap.

Mga Paglingkod at Programa ng CRS ▼

Nagkakaloob ang CRS ng hanay ng mga programa sa mga komunidad, na nakakaranas ng pagkabahala, na nagpapalago ng pagkaintindihan, pinahuhusay ang pagtutulugan, at magpipigil ng mga pagtatalo sa hinaharap. Ang tauhan ng CRS ay mga propesyonal na tagapamagitna, tagpagpadali, tagasanay, at tagasangguni na may-karanasan sa pagtipon ng mga kasapi sa komunidad para magtulung-tulong upang dagdagan ang kanilang kakayahang lutasin ang mga kasalukuyang pagtatalo at pigilin ang pagtatalo sa hinaharap.

Saan Kami Nagsasagawa ▼

Punong Himpilan ng CRS 🌐
Washington, DC

Mga Sangay Pampook ng CRS 🌐

New England

Boston, MA

Northeast

New York, NY

Mid-Atlantic

Philadelphia, PA

Southeast

Atlanta, GA

Midwest

Chicago, IL

Southwest

Dallas, TX

Central

Kansas City, MO

Rocky Mountain

Denver, CO

Western

Los Angeles, CA

Northwest

Seattle, WA


Mga Sangay Panlarangan ng CRS 🌐

Miami, FL

Detroit, MI

Houston, TX

San Francisco, CA



Hanapin kami, maki-ugnay sa amin ▼

www.justice.gov/crs



[facebook.com/DOJCRS/](https://www.facebook.com/DOJCRS/)



[@DOJ_CRS](https://twitter.com/DOJ_CRS)



askcrs@usdoj.gov



202.305.2935

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa programa na ito o ibang paglingkod ng CRS, maaring maki-ugnay sa inyong lokal na tanggapan ng CRS:

<https://www.justice.gov/crs/about-crs/regional-and-field-offices>